## MGB Regional Offices


CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Diego Silang St., Baguio City
e-mail : car_mgb@yahoo.com,mgb_car@yahoo.com
Tel No. (074) 442-6392
Fax No. (074) 3042596

REGION I
Lee Bldg. (La Tondeña) Lingsat, San Fernando, La Union
Telefax No. (072) 242-2777; 242-2778; 242-2686
e-mail: mgbro1@yahoo.com

REGION II
Government Regulatory Center, Carig, Tuguegarao City
Tel. No. (078) 8445561; 8449234; Fax No. (78) 8467347
e-mail: denrmines2@yahoo.com

REGION III
Cleofers Bldg., General Hizon St., San Fernando, Pampanga
Tel No. (045) 961-3523, 961-27799
e-mail: mgbr3@yahoo.com

Region IV-A (CALABARZON)
1515 L & S Bldg., Roxas Blvd., Metro Manila
Telefax No. 536-0215
mgbiv@info.com.ph, mines_r4@yahoo.com

Region IV-B (MIMAROPA)
1515 L & S Bldg., Roxas Blvd., Metro Manila
Telefax No. (02) 3021369
e-mail: mgbiv@info.com.ph, mines_r4@yahoo.com

REGION V
DENR Annex, Rawis, Legaspi City
Telefax No. (052) 435-3034; Fax No. (052) 482-1056
e-mail: mgbr5@yahoo.com

REGION VI
Queen City Garden Mall, J. de Leon St., Iloilo City
Telefax No. (033) 336-2815
e-mail: mgb6denr@skyinet.net, mgb6iloilo@yahoo.com

REGION VII
Greenplains Subdivision, Banilad, Mandaue City
e-mail: mgb7cebu@mozcom.com
Telefax No. (032) 3443047; Fax No. (032) 3469176

REGION VIII
Manlurip-MacArthur Park Road, Candahug, Palo, Leyte
e-mail: mgbr08@nxdsl.com.ph
Tel No. (053) 3278005; Telefax No. (053) 5230425

REGION IX
4th Floor, LHB Bldg., Veterans Avenue
Tetuan, Zamboanga City
Telefax No. (062) 992-2194
e-mail: mgb_ro9@yahoo.com; mgb-r9@mozcom.com

REGION X
Macabalan, Cagayan De Oro
e-mail: denrmgbx@philwebinc.com,
denrmgb10@yahoo.com
Tel No. (088) 856-2110
Fax No. (088) 856-1331

REGION XI
669 Konsuela Bldg., cor Jacinto St, Davao City
Telefax No. (082) 221-6535
Telefax No. (082) 221-6535
e-mail: mgbdavao@greendot.com.ph

REGION XII
Luche Bldg., Gensan Drive cor. Zulueta St.
Koronadal, South Cotabato
Telefax No. (083) 228-6131
Tel No. (083) 228-6130
e-mail: mgb_xii@yahoo.com

REGION XIII
Km 2., Surigao City
Telefax No. (086) 826-1058
e-mail: mgbrxiii@philcom.ph

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
Lands Geological Survey Division
North Avenue, Diliman, Quezon City
Tel no. (63) 2 928.8544 / www.mgb.gov.ph



This teaching aid was developed by the MGB-DENR with assistance of the Technical Working Group(TWG) of the MDRD-EDU II and in partnership with the National Disaster Coordinating Council - Office of Civic Defense, the Asian Disaster Preparedness Center and the United Nations Development Programme with support from the European Commission Humanitarian Aid department(ECHO)



Printed 2010




Isang araw, habang namamasyal ang mag-amang Mang Ponso at Pidong ay may nadaanan silang grupo ng mga hindi kilalang tao sa kanilang lugar na parang may hinahanap sa mga bato.

"Tay, ano po kaya ang ginagawa nila sa mga bato?" tanong ni Pidong.







"Ano po ang dapat naming gawin ngayon?" tanong ni Mang Ponso.

"Dapat n'yo lang tandaan na ang banta ng *landslide* ay matindi kung panahon ng tag-ulan lalo na sa mga lugar na nabanggit ko kanina. Kaya, kung kayo ay nakatira sa bundok o sa gilid nito, dobleng pag-iingat at pagmamatyag ang maipapayo ko sa inyo."

"Pagkatapos po ng aming *fieldwork* o pag-aaral sa inyong probinsya ay babalik kami kaagad para ipaliwanag naman namin sa inyong mga *Local Goverment Units* ang resulta ng aming *fieldwork* sa pamamagitan ng isang mapa na kung tawagin namin ay *Landslide Susceptibility Map*. Malalaman ninyo dito kung saan-saang *barangay* ang may banta ng *landslide*," patukoy kay Kapitan Domingo.

"Kaya, kung kayo ay may nakita o inaakalang banta ng *landslide*, ay marapat na ipagbigay alam kaagad ito sa inyong kapitan, *Barangay Disaster Coordinating Council* at *Municipal Disaster Coordinating Council* upang kayo ay maagap na mapayuhan at matulungan," pahuling mensahe ng *geologist* ng MGB.






"Ay oo nga 'no, naku baka may hinahanap silang kayamanan o mina! Tara tanungin natin," sagot ng ama.

Lumapit ang mag-ama at kinausap ang grupo. "Anak, pwede bang malaman kung bakit kayo nandito at ano ang ginagawa n'yo sa aming lugar?" tanong ni Mang Ponso.

"Ako po si Mr. Crispin Fernandez. *Geologists* po kami ng *Mines and Geosciences Bureau* (MGB). Pinag-aaralan po namin kung saan may banta ng *landslide* dito sa inyong munisipyo.

"*Landslide*? Meron po ba n'yan dito? Di po ba nakakatakot 'yon?" tanong ni Pidong kay Mr. Fernandez.

"Kaya nga dapat natin pag-aralan ito para tayo ay makapaghanda. Iyan ang dahilan kung bakit kami nandito," paliwanang ni Mr. Fernandez.

"Ay mabuti naman," sagot ni Mang Ponso.

"Siguro mas mabuting makausap n'yo ang kapitan ng *barangay* namin tungkol dito," mungkahi pa niya.





"Magandang umaga po Kap!" bati ni Mr. Fernandez.

"Siya si Mang Domingo, ang kapitan dito sa amin," pakilala ni Mang Ponso.

"Balak daw nilang turuan ang mga mamamayan tungkol sa *landslide* para ito ay maintindihan at mapaghandaan."





"Ang banta ng *landslide* ay depende sa tarik ng bundok, sa uri ng bato at sa pagkabulok at pagkabasag nito," paliwanag ng *geologist* habang ipinapakita ang mga larawan sa mga nakikinig.

"Mas matindi ang banta kapag dumating na ang tuluy-tuloy na pagbuhos ng ulan, katulad na lamang ng nangyari sa Guinsaugon sa Southern Leyte. Kapag walang tigil ang pagbuhos ng ulan, lalambot ang lupa dahil sa dami ng tubig na nasisipsip. Ito ay bibigat at tuluyang dudulas paibaba. Pwede ring magka-*landslide* dahil sa lindol o pagyanig ng lupa!"

"Naku, ayaw naming mangyari dito ang nangyari sa Guinsaugon noong 2006!" reaksyon ni Pidong.





"Sabi po ng titser ko, dahil daw sa pagkakalbo ng kagubatan kaya may *landslide*," bida ng isang bata.

"Tama ka rin d'yan, pero hindi laging ito ang dahilan. Tingnan mo ang mga larawan na kuha sa probinsya ng Aurora. Ang bundok na ito ay mapuno at hindi gaanong matarik, ngunit bakit ito ang nagka-*landslide* at hindi ang isang matarik at hindi masyadong mapuno?"

"Ay oo nga 'no?" pagtataka ng mga nakikinig.



"Ah ganoon ba, sige, tuloy kayo sa aming *barangay hall* para mapag-usapan ang tungkol sa *landslide*," paanyaya ng kapitan.

"Pidong, paki-anyayahan ang ating mga kabarangay upang makapakinig ng kanilang paliwanag."

